ENERGY SAVING MEASURES AND RATIONAL ENERGY CONSUMPTION IN FISHING INDUSTRY

Mga Panukala sa Pagtitipid ng Enerhiya at Makatuwirang Paggamit ng Enerhiya sa Industriya ng Pangisdaan

(For Philippines)

SEAFDEC

JTF
TRUST FUND - FISHERIES AGENCY OF JAPAN

March 2014

Southeast Asian Fisheries Development Center

What is SEAFDEC?

The Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) is an autonomous intergovernmental body established as a regional treaty organization in 1967 to promote fisheries development in Southeast Asia.

Objectives

SEAFDEC aims specifically to develop the fishery potential in the region through training, research and information services in order to improve the food supply by rational utilization of the fisheries resources in the region.

Functions

To achieve its objectives, the Center has the following functions:

1. To offer training courses, and organize workshops and seminars in fishing technology, marine engineering, extension methodology, post-harvest technology, and aquaculture.

2. To conduct research on fishing gear technology, fishing ground survey, post-harvest technology and aquaculture, to examine problems related to the handling of fish at sea and quality control, and to undertake studies on the fishery resources in the region.

3. To facilitate the transfer of technology to the countries in the region and to provide information materials to the print and non-print media, including the publication of statistical bulletins and reports for the dissemination of survey, research and other data on fisheries and aquaculture.

Membership

SEAFDEC membership is open to all Southeast Asian Countries. The Member Countries of SEAFDEC at present are Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Japan, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, the Philippines, Singapore, Thailand, and Vietnam.

Ano ang SEAFDEC?

Ang Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) ay isang may kasarinlang ahensiya ng pinagsama-samang mga pamahalaan ng mga bansa na itinatag bilang isang pan-rehiyong kasunduang organisasyon noong 1967 upang magsulong ng kaunlarang pampangisdaan sa Timog-Silangang Asya.

Mga Layunin

Ang SEAFDEC ay naglalayong paunlarin ang kakayahang pampangisdaan sa rehiyon sa pamamagitan ng pagsasanay, pananaliksik at serbisyong kaalaman upang mapabuti ang pagtustos ng pagkain sa pamamagitan ng makatuwirang paggamit ng yamang-pangisdaan sa rehiyon..

Mga Tungkulin

Upang makamit ang mga layunin nito, ang Center ay may mga sumusunod na tungkulin:

1. Upang mag-alok ng mga kurso sa pagsasanay, at maghanda ng mga sama-samang pag-aaral at seminar sa teknolohiya ng pangingisda, "marine engineering", pamamaraan sa tamang paggabay, teknolohiya ng mga gawain pagkatapos ng pagkahuli sa isda, at pag-aalaga ng isda.

2. Upang magsagawa ng pananaliksik sa teknolohiya ng gamit-pangisda, pagsisiyasat sa lugar-pangisdaan, teknolohiya ng mga gawain pagkatapos ng pagkahuli sa isda, at pag-aalaga ng isda, upang suriin ang mga problema na may kaugnayan sa pangangasiwa ng isda sa dagat at pagkontrol ng kalidad, at upang idaos ang pag-aaral sa mga yamang-pangisdaan sa rehiyon.

3. Upang pangasiwaan ang paglipat ng teknolohiya sa mga bansa sa rehiyon at upang magbigay mga gamit-pangkaalaman sa mga lathalain at di-nilalathalang *media*, kabilang ang mga lathalain ng mga istatistikang *bulletin* at mga ulat para sa pagpapakalat ng pagsisiyasat, pananaliksik at iba pang mga datos sa pangisdaan at pag-aalaga ng isda.

Kasapian

Ang pagiging miyembro sa SEAFDEC ay bukas sa lahat ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang mga bansang miyembro ng SEAFDEC sa kasalukuyan ay Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Japan, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam.

TRANSLATED BY

Dr. Ronaldo R. Libunao

FARMC Program Management Center
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02

EDITED BY

Engr. Renato D. Agustin

ENGINEERING UNIT
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02

The production of this publication is supported by the Japanese Trust Fund to SEAFDEC.

ISINALIN NI

Dr. Ronaldo R. Libunao

FARMC Program Management Center
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02

ISINAAYOS NI

Engr. Renato D. Agustin

ENGINEERING UNIT
Department of Agriculture
Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
Regional Office No. 02

Ang paglimbag ng lathalaing ito ay sa pamamagitan ng Japanese Trust Fund para sa SEAFDEC.

Introduction

The oil prices have soared worldwide over the year before last to last summer due to the rush for oil caused by economic development of emerging countries such as China and India, the political uncertainty of oil producing countries and the inflow of speculative money and the "Arabian light crude" which is index of crude in Asia including Japan, has set a record high of $139.72/barrel as of July 14th last year. Subsequently, the oil prices has dropped sharply with the world economy shrinking rapidly due to the financial crisis from the end of last year, and as of March 16th this year it priced $41.28 per barrel. However, considering the price trends over the past 30 years, the oil prices have still been high and it is expected that in the near future the demand for oil will go up due to the economic recovery. In addition to the aspects mentioned above, the price drop in crude will slow down the development of oilfield and another concern following this is the skyrocketing crude oil price. Steep rise in the price of crude oil has a grave impact on fishing industry. Above all, the cost of fuel in f capture fishery accounts for a large percentage of its cost, and due to the trends of consumers and the retail industries, it is not easy to pass the higher cost along to them. The percentage of fuel cost in the cost of production of the capture fishery accounted for 10-20 % until 2004, however in 2005 it accounted for over 20%, and this year at the fuel oil price peak, the percentage of fuel cost of deep-sea fishing, adjacent fishing of skipjack and tuna and squids-fishing fishing accounted for over 40%. Therefore, curbing consumption on fuel cost is a significant challenge from a business standpoint. Furthermore, it is necessary to revise the energy consumption structure of fishing industry, and also to make shift to energy saving industry which is not influenced by fuel price for the purpose of being able to respond to the future global environment problems and also to develop and maintain as a sustainable marine industry. Therefore, we "The Fisheries Research Agency "(hereinafter referred to as the "FRA") have established the Research Committee of Saving Energy Technology in Fishing Industry (hereinafter referred to as the "Research Institute") consisting of academic experts with a goal of considering the current condition of energy saving technology in the fishing industry including capture fishery and the desirable future direction of energy consumption. The Research Institute has formed 3 research groups "Rationalization of energy utilization", "LED introduction propulsion research" and "proper temperature management setting of fishery products" and has studied issues regarding the current condition and utilization of research and development of energy saving technology. In addition to that, the institute has made pamphlets towards the fisheries which explain the specific technical content and also has begun the process of figuring out the amount of carbon dioxide emissions which will become a basis for the future fishery in our country to be able to utilize the energy reasonably and effectively. This report compiles proposals for future efforts towards energy saving in the fishing industry as well as the result of studies from each research group.

March 18th, 2009

Fisheries Energy Technology Research Institute　Chairperson　Kiyoshi Inoue

Pangunahing Salaysay

Ang presyo ng langis ay tumaas sa buong mundo sa mga nakaraang taon dahil sa pangangailangan sa langis dulot ng pag-unlad ng ekonomiya ng mga umuusbong na bansa gaya ng *China* at *India*, ang pag-aalinlangang- pampulitikal ng mga bansang pinanggagalingan ng langis at ang pagpasok ng *speculative money* at ng *Arabian light crude* na naging batayan ng presyo ng langis sa Asya, kabilang na ang *Japan*, kung kaya nakapagtala ng mataas na marka na umabot sa $139.72/bariles noong Hulyo ng nakaraang taon. Kasunod nito, ang presyo ng langis ay bumulusok kaalinsabay ng mabilis na pag-urong ng pandaigdigang ekonomiya dulot ng krisis ng pananalapi mula sa huling bahagi ng nakaraang taon, at mula ika-16 ng Marso ng taong kasalukuyan ay pumalo ang presyo sa $41.28 bawat bariles. Gayunpaman, inaasahang patuloy na tataas ang pangangailangan sa langis sa hinaharap, base na rin sa naging takbo ng presyo sa nakaraang 30 taon dahil sa pagbawi ng ekonomiya. Dagdag pa rito, ang pagbagsak ng presyo ng langis sa kasalukuyan ay magpapabagal sa paggawa ng *oilfield* at magbubunga sa mabilis na pagtaas ng presyo ng langis sa hinaharap. Ang biglaang pagtaas ng presyo ng langis ay may malaking epekto sa industriya ng pangisdaan. Ang halaga ng langis ay kumakatawan sa malaking porsiyento sa gastusin sa pangingisda, at dahil sa takbo ng mga mamimili at namamahagi, hindi madaling ipasa ang dagdag na halaga sa mga mamimili. Kumatawan sa 10-20 % ng halaga ng produksiyon sa pangingisda ang halaga ng langis hanggang 2004, subalit noong 2005 ay kumatawan ng higit sa 20%. Sa taong ito, kung saan naitala ang pinakamataas na presyo, ang porsiyento ng halaga ng langis sa pangingisda sa malalim na karagatan(*deep-sea fishing*), malapitang pangingisda (*adjacent fishing*) ng tambakol at tuna at pangingisda ng pusit ay umabot sa higit 40%. Sa makatuwid, ang pagtitipid ng langis-panggatong ay malaking hamon sa punto ng mga namumuhunan. Bukod dito, kinakailangang baguhin ang lagay ng pagkonsumo ng langis sa industriya ng pangisdaan at tumungo sa industriyang matipid sa enerhiya at hindi masyadong naaapektuhan ng presyo ng langis upang makatugon sa pandaigdigang suliranin sa kapaligiran at makagawa ng sustenableng industriya sa karagatan. Sa makatuwid, kami na *Fisheries Research Agency* (na binansagang *FRA*) ay nagtatag ng *Research Committee* sa Teknolohiya sa Pagtitipid ng Enerhiya sa Industriya ng Pangisdaan (na binansagang *Research Institute*) na binubuo ng mga bihasa sa larangan ng pananaliksik na naglalayong pag-aralan ang kasalukuyang antas ng teknolohiyang nauukol sa pagtitipid ng enerhiya sa industriya ng pangisdaan at ang tatahaking landas sa hinaharap ukol sa paggamit ng enerhiya. Ang naturang *Research Institute* ay bumuo ng 3 grupo ng pagsasaliksik: *Rationalization of Energy Utilization, LED Introduction Propulsion Research* at *Proper Temperature Management Setting of Fishery Products* at sumuri sa mga isyung nauukol sa kasalukuyang antas ng pananaliksik tungkol sa teknolohiya ng pagtitipid sa enerhiya. Dagdag pa rito, ang ahensiya ay gumawa ng mga polyeto na nagpapaliwanag sa mga teknikal na nilalaman at nagsimulang pag-aralan ang dami ng *carbon dioxide emissions* upang makagawa ng basehan tungo sa matipid na paggamit ng enerhiya sa industriya ng pangisdaan sa ating bansa. Ang ulat na ito ay naglalakip ng mga mungkahi na maaring tahakin sa hinaharap tungo sa pagtitipid ng enerhiya sa industriya ng pangisdaan kabilang na ang bunga ng mga pagsasaliksik na ginawa ng bawat grupo.

Ika-18 ng Marso, 2009

Fisheries Energy Technology Research Institute Chairperson Kiyoshi Inoue

I. Current condition of energy consumption of fishing vessels

In the capture fishery, except for the gasoline used in outboard engine, most of the deep-sea and offshore fishing vessels use fuel oil A and as for coastal fishing vessels they use fuel oil A and light oil. In 2008 according to the study on global warming countermeasures in the field of agriculture, forestry and fisheries of the project to promote environment biomass (Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries of Japan), fuel consumption of the capture fishery in our country in 2005(except for gasoline, total amount of light oil and fuel oil A) is 2,160,000 kl-2,450, 000 kl. According to the annual statistics of resources and energy, the volume of sales of light oil in our country in 2005 was 42,180,000 kl, and that of fuel oil A was 35,000,000 kl. Therefore, fuel consumption of capture fishery accounts for 2.8%-3.2% of the total amount of the sales volume of fuel oil A and light oil.

Reflecting considerable reduction in the number of medium and large scale deep-sea and offshore fishing vessels, and fishery employees due to the aging of fishery employees and the downturn in the price of fish, fuel consumption of fishing vessels have continued to decrease every year. However, considering that the amount of gross domestic product in our country is 503,200,000,000,000 yen and the gross product of the fishing industry is 880,000,000,000 yen (the amount which is calculated on a product basis by economic calculation of Agriculture and Food related industry), therefore considering that the fishing industry accounts for only 0.17%, it can be said that the fishing industry is a fuel intensive-industry compared to other industries.

II. Current condition of energy saving technology by fishing vessels

1. Visualization fuel consumption

When considering about energy saving of fishing vessels, it is fundamental to first know the amount of fuel consumption of fishing vessels. Fishing vessels require complicated operational techniques for the purpose of fish haul and it is completely different from merchant vessels of which purpose is to simply carry products and people. For the reason that prime power inboard may vary greatly depending on the condition of the operation, the fuel consumption of main engine and auxiliary engine also undergo significant fluctuation. It is expected that the vessel operator will be aware of fuel cost and will make efforts to operate thinking about energy saving by setting fuel flow gauge in the main engine and the auxiliary engine and display the result in the bridge and machinery control room on a real time basis.

In general, fuel flow gauge is set between fuel tank inside engine room and engine for both the main engine and auxiliary engine. In most engines, the amount of fuel oil sent to the engine by a pump is more than the amount of actual consumption, therefore some amount of oil return to fuel tank, therefore it is necessary to measure the flow volume both in the entrance and the exit of engine and calculate the difference as fuel consumption. Some of medium and large scale fishing vessels have flow devices which measures the fuel which pumps up from bottom tank to service tank, there are almost no fishing vessels which can display how much fuel is consumed on a real time basis, when the vessel is in operation. At this moment, flow gauge and display system which are easy to install to fishing vessels are not available, it is recommended the fuel flow gauge which is easy to install to fishing vessels will be developed in the future.

I. Kasalukuyang kalagayan ng paggamit ng enerhiya ng mga bankang pangisda

Sa pangingisda, maliban sa mga gumagamit ng gasolina sa bangkang de-motor, karamihan sa mga nangingisda sa malalim na bahagi ng karagatan (*deep-sea* at *off-shore*) ay gumagamit ng *fuel oil A* at sa mga pang-malapitang bankang-pangisda naman ay *fuel oil A* at *light oil*. Noong 2008, base sa pag-aaral na ginawa ng bansang *Japan* (*Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries*), umabot sa 2,160,000 kl – 2,450,000 kl ang nagamit na langis-panggatong para sa pangingisda sa ating bansa. Ayon sa taunang tala ng kayamanan at enerhiya, ang bilang ng naibentang *light oil* sa bansa noong 2005 ay 42,180,000 kl, samantalang umabot naman sa 35,000,000 kl ang sa *fuel oil A*. Sa makatuwid, ang paggamit ng langis-panggatong para sa pangingisda ay kumakatawan sa 2.8%-3.2% ng kabuuang bilang ng benta ng *fuel oil A* at *light oil*.

Patuloy na bumababa bawat taon ang paggamit ng langis-panggatong dulot na rin ng pagbaba ng bilang ng katamtaman (*medium*) at malalaking (*large-scale*) mga bankang pangisda, pagbaba ng bilang ng mga manggagawa dahil sa pagtanda, at pagbagsak ng presyo ng isda. Subalit masasabi pa rin na ang industriya ng pangisdaan ay mas malakas kumonsumo ng langis-panggatong kumpara sa iba pang mga industriya sapagkat ang kita mula sa pangingisda (880,000,000,000 yen) ay nasa 0.17% lamang ng kabuuang kita mula sa produksiyon ng ating bansa (503,200,000,000,000 yen).

II. Kasalukuyang kalagayan ng teknolohiya sa pagtitipid ng enerhiya ng mga bankang pangisda

1. Pagtanaw sa paggamit ng langis-panggatong

Mahalagang alamin ang dami ng ginagamit na langis-panggatong ng mga bankang pangisda kapag ang usapin ay tungkol sa pagtitipid ng enerhiya. Ang mga bangkang pangisda ay nagsasagawa ng maligalig na mga pamamaraan upang makahuli ng isda at ito ay lubhang naiiba sa pamamaraan ng mga bangkang ginagamit lamang sa paghahatid ng produkto at pasahero. Sa kadahilanang ang *prime power inboard* ay maaring mag-iba ayon sa paggamit, ang paggamit ng langis-panggatong ng pangunahin at pantulong na makina ay nagkakaiba ng malaki. Inaasahang sa kasalukuyan, ang gumagamit ng bangka ay may alam sa halaga ng langis-panggatong at magsasagawa ng pagtitipid sa pamamagitan ng paglalagay ng fuel flow gauge sa pangunahin at pantulong na makina na magpapakita ng resulta sa *bridge* at *machinery control room*.

Karaniwan, ang *fuel flow gauge* ay matatagpuan sa pagitan ng lalagyan ng langis-panggatong at ng makina. Madalas, ang dami ng langis-panggatong na pumapasok sa bomba ay mas madami kaysa sa kinakailangan. Sa makatuwid, ang sobra ay bumabalik sa lalagyan kung kaya't nararapat na sukatin ang pumapasok at lumalabas na langis-panggatong upang malaman ang dami ng konsumo. May ilang katamtaman at malalaking bangkang pangisda na may gamit-panukat ng konsumo subalit halos walang bangkang pangisda na may kakayahang makita ang konsumo habang tumatakbo. Ito ay sa kadahilanang walang kagamitang nakagagawa nito sa kasalukuyan at ito ang inaasahang maimbento sa hinaharap.

2. Trend of fuel consumption rate by fishing vessel engines

Diesel engines used in fishing vessels are superior in terms of thermal efficiency among practical internal-combustion engines. Since 1970s energy crisis, research and development toward energy saving has continued and there has been an effort to reduce fuel consumption rate.

However in 2005, global regulation against exhaust gas emission which is intended to reduce nitrogen oxide (NOx) for marine engines of which output are more than 130Kw was introduced, what's more second emission control will start in 2012 requiring more reduction of nitrogen oxide and continuously there will be third emission control following this second control. In order to reduce nitrogen oxide, it is necessary to lower combustion temperature which will also lead to a decrease in thermal efficiency. The key point of technical development is to pass the emission control which will be even more reinforced in the future without deteriorating fuel consumption rate.

3. Specific energy saving technology by fishing vessels

Here I would like to explain about current condition of energy saving technology which is applicable to existing fishing vessels as follows. (1)Energy saving by operational technique, (2)Energy saving technology by proper re-equipping of hulls, (3)Energy saving technology by proper conversion of engine (4)Energy saving technology using fishing gear (5)Energy saving technology which is available at the time of vessel construction (6)Energy saving technology to be considered for the future

(1) Energy saving by operational technique

1) Slowing down (Control of navigation speed)

This operational measure is applicable to all fishing vessels regardless of types of fisheries, size and hull forms. It needs output requiring propulsion which is approximately proportional to the cube of the speed of the vessels. Therefore, a slight decrease in speed will considerably reduce the output requiring propulsion and the fuel consumption will as well be reduced.

This rule is applicable to the offshore or deep-sea fishing vessels which are called displacement type of fishing vessels. The length of these vessels is over 20m in length and the navigation speed is less than 13 knot. Practically, slowing down the speed when navigating the same distance will decrease the fuel consumption with the square of the corresponded speed approximately and it is due to the fact that the time which navigating requires will increase in proportion to the corresponded speed.

On the other hand, most of the small size coastal fishing vessels are called semi-planing type fishing vessels with the length of less than 20m in length and the speed of over 14knot. Bow will be lifted up in case the speed is over 10 knot for these types of fishing vessels, when the vessel is in semi-planing condition. The rule of cube of the vessel's speed does not apply for these types of the vessels. In this speed range, fuel consumption in a fixed distance is proportional to the speed,

Slower speed will however, prolong the navigation time (days) which could increase fuel consumption of auxiliary engine in proportion to time and also influence the fish catch. Therefore it is necessary to take these matters into

2. Takbo sa paggamit ng langis-panggatong

Ang mga makinang pang-krudo na ginagamit sa mga bangkang pangisda ay nakahihigit sa alinmang makina sa larangan ng *thermal efficiency*. Simula noong krisis pang-enerhiya noong 1970, ang mga pagsasaliksik tungo sa pagtitipid ng enerhiya ay nagpatuloy at nagsikap na mapababa ang konsumo.

Subalit noong 2005, nagkaroon ng pandaigdigang panuntunan na naglalayong mabawasan ang *nitrogen oxide* (*NOx*) para sa makinang pandagat na may lakas na 130Kw. Sa darating na 2012, magsisimula ang ikalawang panuntunan na lalong maghihigpit sa pagbuga ng *nitrogen oxide* (*NOx*). Siguradong may mga susunod pang paghihigpit na darating. Upang mabawasan ang *nitrogen oxide*, kinakailangang ibaba ang *combustion temperature* na magreresulta sa pagbaba ng *thermal efficiency*. Ang susi ay makapasa sa *emission control* na magiging mas mahigpit sa hinaharap nang hindi naaapektuhan ang bilis ng konsumo.

3. Mga teknolohiya ng pagtitipid ng enerhiya sa mga bangkang pangisda

Ang mga sumusunod ay pagsasalarawan ng mga ibat-ibang kaparaanan sa pagtitipid ng enerhiya na maaring gamitin sa bangkang pangisda. (1)Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng operasyon, (2) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng pagsasaayos ng katawan ng bangka, (3) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng pagpapabago ng makina (4) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng gamit-pangisda (5) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamaraang akma habang ginagawa ang bangka (6) Pagtitipid ng enerhiya sa hinaharap

(1) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng operasyon

1) Pangangasiwa sa bilis ng paglalayag

Ang pamamaraang ito ay maaring gamitin sa lahat ng uri ng bangkang pangisda. Ito ay nangangailangan ng salida na halos katapat ng *cube* ng bilis ng bangka. Sa makatuwid, ang bahagyang pagbagal ng salida ay siya namang ikatitipid ng konsumo.

Ang panuntunang ito ay sumasaklaw sa mga *off-shore* o pang-malayuang bangkang pangisda na tinaguriang *displacement type*. Ang haba ng ganitong mga bangka ay higit 20m at tumatakbo sa bilis na mas mababa kaysa sa 13 *knot*. Ang mas mabagal na paglakbay sa pagtawid ng katulad na layo ay magdudulot ng mas matipid na konsumo sapagkat ang tagal ng paglalakbay ay nakakawing sa bilis ng paglalayag.

Sa kabilang banda, ang mga maliliit na bangkang pangisda ay tinatawag na *semi-planing* at nagtataglay ng habang hindi lalampas ng 20m at bilis na hindi hihigit sa 14 *knot*. Ang unahan ng bangka ay aangat kapag lumampas sa bilis na 10 *knot* habang ito ay nasa *semi-planing* na pagtakbo. Ang panuntunan ng *cube* ng bilis ng bangka ay hindi maaring gamitin sa ganitong klase ng mga bangka. Sa ganitong larangan ng bilis, ang konsumo sa nakatakdang layo ng tatakbuhin ay proporsyonal sa bilis.

Ang mas mabagal na pagtakbo ay magpapatagal sa paglalakbay na maaring magpataas ng konsumo at maaaring makapekto sa dami ng huling isda. Sa makatuwid, nararapat na consideration and select the proper speed.

2) Reduction of vessels' weight

This technique is applicable to all fishing vessels but is especially effective for small fishing vessels. When the total vessel weight increases as fuel, fishing gear and catch increase, the displacement increases as well which will make the fuel consumption to rise with the increasing of the propulsion resistance. It is therefore recommended that unused fishing gear should be stored in onshore storage facilities and that the amount of fuel loaded in vessels be reduced in the necessary minimum. As for small-sized coastal fishing vessels, it is necessary to pay attention to the proper methods of loading fishing gear and fish catch to keep the trim of the vessels in proper condition and avoid excessive trim. Excessive trim in the bow or stern could lead to increased fuel consumption and deteriorate the sea keeping and maneuverability.

3) Cleaning of hull, rudder and propeller

This technology is applicable to all fishing vessels regardless of type of vessels, size and types of fisheries. Immediately after docking, the hull, stern, propeller and other parts should be kept clean. However as days go by, these parts could get dirty due to the attached algae, shellfish and other creatures making it difficult to sail at predefined speed because of increased friction drag which also increases the fuel consumption. Cleaning periodically will improve the situation, and if it is not possible to frequently dock the vessels, cleaning of the propellers by divers will surely show certain effects on the saving energy

4) Proper utilization of controllable pitch-propeller

Some fishing vessels which are operated offshore and in deep-seas such as trawl and tuna long-lines are equipped with controllable pitch-propeller. At the bridge of those fishing vessels, there is usually a control board to set the "propeller pitch" and "rotating speed". Controlling the vessel speed merely by the pitch when the engine constantly rotates will significantly decrease the efficiency of the propeller while slowing down, and this could make fuel consumption to rise. Although this depends on the condition of the load on vessels, speed and condition of operation, reduction of fuel consumption can be expected by operating both pitch and rotating speed. In particular, it is encouraged that the vessel is operated with the proper setting while the "pitch" and "rotating speed" are controlled simultaneously according to the "operation manual" of controllable pitch-propeller which is provided by propeller manufacturers and shipyards.

pag-aralang mabuti ang sitwasyon at piliin ang tamang bilis.

2) Pagpapapagaan sa bangka

Ang pamamaraang ito ay maaaring gamitin sa lahat ng uri ng bangka at mas higit para sa maliliit na uri. Kapag ang bigat ng bangka ay tumaas dulot ng dagdag na bigat ng langis-panggatong, gamit-pangisda, at huling isda, ang *displacement* ay tataas din na siyang magpapataas ng konsumo gawa ng pagtaas ng *propulsion resistance*. Makabubuting iwanan ang hindi gagamiting gamit-pangisda at maglagay lamang ng tamang dami ng langis-panggatong. Sa mga maliliit na bangka, makabubuting bigyang pansin ang pagsasaayos ng gamit-pangisda at mga huling isda upang maiwasan ang labis na pagkalubog. Ang labis na pagkalubog, maging sa harapan o likurang bahagi ng bangka ay maaring magpataas ng konsumo at magpahirap sa pagkontrol.

3) Paglilinis ng katawan ng bangka, timon at pala

Ang pamamaraang ito ay maaring gamitin sa lahat ng uri ng bangkang pangisda. Pagkaangat ng bangka, ang katawan, timon, pala at iba pang bahagi ay dapat mapanatiling malinis. Sa katagalan, maaring may maiwang mga dumidikit na taliptip na makapagpapabagal sa takbo ng bangka at makapagpapataas ng konsumo. Ang palagiang paglilinis ay makakatulong, at kung hindi naman maaaring iangat ng palagian ang bangka ay maaring sisirin ang pala upang linisin nang sa gayon ay magkaroon ng epekto sa pagtitipid ng enerhiya.

4) Paggamit ng *controllable pitch propeller*

Ilan sa mga bangkang pangisda na ginagamit sa malalim na bahagi ng karagatan tulad ng sa galadgad at pangawil ng tuna ay may *controllable pitch propeller*. Sa may *bridge* ng bangka matatagpuan ang *control board* kung saan maaaring galawin ang *propeller pitch* at bilis ng ikot ng pala. Ang pagkontrol sa posisyon ng talim ng pala (*pitch*) habang hindi nagbabago ang bilis ng ikot ng makina ay magpapabagal lamang ng takbo ngunit maari pang makapagpataas ng konsumo. Mas mainam na sabay ilagay sa tama ang posisyon ng talim ng pala at bilis ng ikot ng makina upang maasahan ang pagbaba ng konsumo. Mainam na basahin at isagawa ang sabayang pagtatama ng *pitch* at bilis ng ikot ng makina alinsunod sa mungkahi ng pagawaan.

(2) Energy saving technology by proper remodeling of hulls

1) Installation of bulbous bow

The protruding bulb at the bow of a vessel just below the waterline is called a bulbous bow or bow bulb. The speed –length ratio of fishing vessels including offshore and deep-sea fishing vessels, is usually high, therefore wave making resistance (vessel resistance is generated by the formation of waves as the vessel passes through the water) accounts for a large portion among the total resistance of the vessels. In order to reduce wave making resistance, giving large displacement volume to the edge of the bow is efficient, and in theory, it has become clear that it is better to increase the displacement volume in the edge of bow as the speed increases for the displacement type of vessels. Therefore, this technology is especially efficient for the vessels which are operated offshore and in deep-seas.

Bulbous bow is specially constructed to give displacement volume to the edge of bow because the proper size depends on the speed-length ratio (square root ratio of speed and the length of vessel). As for the specific design and construction, there is a need to consult with research institutes, building shipyards, and design consultants capable of designing effective size and form. Since big waves occur in the water where the transverse area changes significantly, there is a need to smoothly put the installed parts of the bulbous bow and the main hull in order that the transverse area does not change significantly towards the direction of the length of vessels. Furthermore, in case the emerging bow hits the sea surface during big waves, the bulbous shapes making a cross-section surface would be able to prevent the vessel bottom from getting big damages and the other bulbous shapes could prevent any problems in the structural strength of the vessel when big waves are present in the ocean.

In general, these methods are not effective for small-sized coastal fishing vessels due to the fact that these vessels should sail over a speed-length ratio of the bulbous bow to be effective. However, for some small-sized coastal fishing vessels, the bow has similar form and is used for the purpose of ensuring the buoyancy of the bow and increasing the length of the water line.

Offshore and deep-sea fishing vessels which are not yet equipped with bulbous bows and those with bulbous bows that are not in proper form, could expect reduction in fuel consumption by equipping these vessels with bulbous bow or improving the form of their bulbous bows.

2) Fins fitted forward of propeller

This is a device which could enhance propulsion efficiency mainly for deep-sea and offshore fishing vessels. Several fins are attached in a radical fashion around the stern in front of propellers through which the hull attachment current fins commutate the flow into the propellers and also recover rotational energy. As attachment position of the current plate, form, size and the number of alignment are related to the underwater form of the vessels depending on speed of vessels, it will be essential to pre-consider carefully about equipping vessels with current plate in consultation with appropriate research institutes, building shipyards, design consultants, and others.

(2) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng pagsasaayos ng katawan ng bangka

1) Paglalagay ng *bulbous bow* o bulbo

Ang nakausling bahagi sa harapan ng bangka sa baba ng linya ng tubig ay tinatawag na bulbo. Ang katumbasan ng bilis at haba ng bangka ay karaniwang mataas kung kaya't ang pagsuong ng bangka sa alon ay kumakatawan sa kalakhang bahagi ng kabuuang paglaban (resistance) ng bangka. Upang mabawasan ito, ang pagkakaroon ng malaking *displacement volume* sa harapan ay maigi, at sa teorya, mas mabuting taasan ang *displacement volume* sa unahan kaakibat ng bilis ng bangka para sa mga *displacement type* na bangka. Sa makatuwid, ang teknolohiyang ito ay tumpak para sa mga bangkang ginagamit sa pang-malalimang pangingisda.

Ang bulbo ay ginawa upang magkaroon ng *displacement volume* sa dulo ng harapang bahagi ng bangka sapagkat ang tamang laki ay nakabatay sa katumbasan ng bilis at haba ng bangka (*square root ratio of speed and the length of vessel*). Makabubuting sumangguni sa mga kinauukulan gaya ng mga mananaliksik, pagawaan, at mga bihasa upang malaman ang tamang disenyo at pamamaraan. Makatutulong din ang bulbo upang maiwasan ang pagkasira ng bangka kapag ito ay humampas sa alon at tubig habang naglalayag.

Karaniwang ang pamamaraang nabanggit ay hindi epektibo sa maliliit ng mga bangkang pangisda sapagkat ang mga ito ay kinakailangang maglayag ng higit sa katumbasan ng bilis at haba ng bangka base sa bulbo upang maging mabisa. Gayunpaman, sa ilang mga maliliit na bangka, ang unahan ay dinisenyo upang siguruhin ang paglutang at paglawak ng *water line*.

Ang mga malalaking bangkang hindi pa gumagamit ng ganitong teknolohiya ay maaring makatipid ng konsumo kung susundin ang mga naunang mungkahi ng paglalagay ng bulbo.

2) Paglalagay ng palikpik (*fins*) sa harap ng pala

Ang gamit na ito ay makatutulong sa husay ng pagtulak ng mga bangkang ginagamit sa malaliman at malayuang pangingisda. Ang mga palikpik ay nilalagay sa palibot ng popa na nasa harap ng pala upang mabawi ang enerhiyang nagamit sa pag-ikot ng makina. Makabubuting sumangguni sa mga kinauukulan gaya ng mga mananaliksik, pagawaan at mga bihasa upang malaman ang tamang disenyo at pamamaraan.

3) Shape refinement of the appendages of hull

This is an efficient technology for the fishing vessels operated offshore and in deep-seas. There are many objects around hull creating vortex and making resistance. These objects are the attachments or appendages such as the skeg (skeg is an aggregate of a part located longitudinally at the center of the vessel's bottom which is called "keel", a fin looking object which sticks out from keel, and is so-attached so that vessels could be operated to go straight ahead) , bilge keel (a plate which is attached to the bottom of hull's side to reduce rolling.), sonar, transducer of the fish-finder, and also the aperture of the side thruster. The function of these attachments will be relatively bigger since the hull of fishing vessel is smaller compared with that of large commercial vessels. Depending on the type of fishery, equipment such as propeller guard may be added. Propulsion resistance could be improved by refining the attachments to their proper forms along a streamline.

As for large-scale purse seine fishing vessels, sonar and transducer of the fish finder which are scattered around the bottom of the vessel are re-equipped altogether within the framework of the hull on keel line. As the result, a certain amount of fuel is reduced.

For long-line tuna fishing vessels, fuel consumption could be reduced by refining each form of the bilge keel, the transducer box of the fish-finder and anode protections on hull and rudder. However, in improving the transducer box of fish-finder, it is necessary to consider the improvement method carefully as there is a possibility of noise occurring in the fish-finder. This is due to the fact that air bubbles which are caused by the waves near the bow could flow into the transducer along the vessel's bottom in the case of improperly improvement.

(3) Energy saving technology by proper replacement of engine

1) Replacement of engines

This is a technology which is expected to be effective for small size coastal fishing vessels.

The replacement from old engines to new ones may be necessary for small size coastal fishing vessels. Improvement in fuel consumption can be expected by replacing from old engines used over 10 years to the new ones. Fuel consumption rate per out power may be improved, however, fuel consumption may increase in case of performance delivery at full capacity owing to the fact that the horse power of new engines is larger than that of old ones in general. There were cases that small size pole-and-line fishing vessels equipped with engines with 600 horsepower were using less than 300 horsepower in order to save fuel, estimating from measuring result of fuel consumption. Using engines of significant power with low load and bad fuel consumption rate for a long time is not only inconvenient in sides, fuel consumption and initial investment for replacement of engines, but it may also lead to the damage of engines due to low load injury. In case of new construction and replacement, selecting proper output engine is the most important thing in energy saving.

3) Pagbago sa katawan ng bangka

Ito ay mahusay na teknolohiya para sa pang-malaliman at pang-malayuang bangkang pangisda. Mayroong mga bagay sa ilalim ng bangka na maaaring lumikha ng puyo at dagdag na paglaban ng bangka sa tubig. Ang mga ito ay nakakabit sa katawan ng bangka kagaya ng *skeg* (*skeg is an aggregate of a part located longitudinally at the center of the vessel's bottom which is calLED keel, a fin-looking object which sticks out from keel, and is so attached so that vessels could be operated to go straight ahead*), bilga o *bilge keel* (*a plate which is attached to the bottom of hull's side to reduce rolling*), *sonar*, *transducer* ng *fish-finder*, at ang *aperture* sa gilid ng *thruster*. Ang gamit ng mga ito ay mas malaki para sa mga maliliit na bangka kumpara sa mga malalaki. Ang paglaban sa tulak ng bangka sa tubig ay maaring mabawasan sa pamamagitan ng pagbago sa mga nakakabit sa katawan ng bangka gaya ng paglalagay ng giya sa pala.

Sa mga malalaking pangulong, ang mga *sonar* at *transducer* ng *fish finder* na nakakalat sa ilalim ay maaring ilinya ayon sa hugis ng katawan ng bangka. Ito ay magbubunga ng katipiran sa konsumo.

Para sa mga bangkang pangawil ng tuna, maaring mapababa ang konsumo sa pamamagitan ng pagsasaayos ng bilga, *transducer box* ng *fish finder* at *anode protections* sa ilalim at timon. Sa pagsasaayos ng *transducer box* ng *fish finder*, marapat na piliin ang pamamaraan upang maiwasan ang pagkakaroon ng malakas na ingay dulot ng mga bula na gawa ng alon sa harapang bahagi.

(3) Pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng pagpapabago ng makina

1) Pagpalit ng makina

Ang teknolohiyang ito ay inaasahang mahusay para sa mga maliliit na bangkang pangisda. Makakatipid ng konsumo kung papalitan ang mga lumang makina na umabot na ng 10 taon. Gayunpaman, ang katumbas na konsumo kada lakas ng makina ay maaaring bumaba ngunit malamang na tumaas ang kabuuang konsumo sapagkat ang mga bagong makina ay nagtataglay ng mas mataas na lakas-kabayo. May mga kaso na ang bangkang pangisdang may 600 lakas-kabayong makina ay naglalayag ng mas mababa sa 300 lakas-kabayo upang makatipid ng konsumo. Ang paggamit ng makinang may sapat na lakas sa pamamaraang hindi angkop, gaya ng magaang karga at mataas na konsumo ay maaring magresulta sa maagang pagkasira at palagiang pagpapalit ng makina. Sa pagpapalit ng makina, maiging piliing mabuti ang kinakailangang lakas upang makatipid ng enerhiya.

2) Main engine drive of generator and other auxiliary machines

Concerning generator of offshore and deep-sea fishing vessels, it is possible to save energy by driving on the main engine which has better fuel consumption rate compared to auxiliary engine. Transmission efficiency will improve by directly driving auxiliary machines such as refrigerator by main engine and auxiliary engine for that there is no electrical conversion. However, as direct-drive of refrigerator make the system complicated; it has been applied to only small proportion of deep-sea tuna long-line fishing vessels. In case generator is driven by main engine, it is important to keep the frequency constant. There are 2 ways to do so, one is the method of using the main engine in a constant rotation frequency and control the speed merely by controllable pitch propeller (CPP). Another method is to install constant frequency unit between main engine with variable rotation frequency and generator or behind the generator. As for the former method, if the propeller is rotating fast when navigating slow by tuna long-line fishing vessels, propeller efficiency will drop and will lead to increase in fuel consumption. Of the latter, when using constant frequency unit which maintains regular rotating frequency of generator by slipping electronically or mechanically, the transmission efficiency will be reduced, in case the main engine is in high rotative speed. This will lead to the increase in fuel consumption. There are models which ease negative effects by using 2-speed system. Furthermore, as for thyristor inverter system which converts to constant frequency alternating current after commutating variable frequency alternating current, high transmission efficiency can be expected regardless of the number of rotations of main engine. However, it may be difficult to operate parallel with the generator driven by auxiliary engine. It is necessary to take measures against noise for measurement equipment and communication device for the reason that inverters cannot prevent electrical noise to generate.

Energy saving of the drive of main engine is becoming less effective with the gap of fuel consumption between main engine and auxiliary engine shrinking compared to the past, although it depends on the output power of engines. Therefore, it is essential to consider comprehensive cost including reduction of maintenance cost and so forth by the main engine of generator being able to back up the auxiliary engine completely. Therefore, regarding auxiliary machines and the main engine drive, you need to consider the effects with technicians who are familiar with the system.

3) Control of rotating speed of pump and other equipment by inverter

Seawater coolant pumps which are used in main engines and auxiliary engines of offshore and deep-sea fishing vessels are driven at constant speed by three-phase induction motor. On the other hand, while the heat quantity of coolant water and lubrication oil which needs to be cooled may vary depending on the load condition of engines and equipment, in general certain amount of room in addition to the maximum value is selected for the pump capacity, and also provide cooling device with maximum flow. Using variable amount pump which is able to adjust the number of rotations and provide the required coolant water for heat discharge, is an effective power saving measurement.

2) Pagkawing sa mga kasangkapan sa pangunahing makina

Para sa mga malaliman at malayuang bangkang pangisda, makabubuting ikawing ang mga kasangkapan sa pangunahing makina sapagkat ito ay may mas mainam na konsumo kumpara sa pantulong na makina. Ang *transmission efficiency* ay mapapanatili kung ikakawing ang mga kagamitang tulad ng *refrigerator* sa pangunahing makina sapagkat hindi na mangangailangan ng pagbabago ng kuryente. Dahil sa maligalig na sistema ng *refrigerator*, ito ay ginagamit lamang sa ilang mga pangawil ng tuna. Kapag ang *generator* ay pinatatakbo ng pangunahing makina, mahalagang hindi magbago ang *frequency*. May dalawang pamamaraan na magagamit, una ay ang pagpapanatili sa pangunahing makina sa *constant rotation frequency* at pamamahala sa bilis sa pamamagitan ng *controllable pitch propeller* (CPP). Ang pangalawa ay ang pagkakabit ng *constant frequency unit* sa pagitan ng pangunahing makina at makinang may *variable rotation frequency*. Sa naunang pamamaraang nabanggit, kapag ang pala ay umiikot ng mabilis habang naglalayag ng mabagal, ang husay ng pala ay babagsak at hahantong sa mataas na konsumo. Sa pangalawang solusyon, maari ring tumaas ang konsumo kapag ang bisa ng paghahatid ng enerhiya ay bumaba bunsod ng pagpapanatili sa higit na mabilis na ikot ng makina. Mayroong mga modelong makakalutas dito na gumagamit ng dalawang sistema ng bilis. Dagdag pa rito, sa mga may *thyristor inverter system* na nagkakaroon ng *constant frequency alternating current*, kaya mataas na *transmission efficiency* ang maaasahan maging anuman ang bilang ng ikot ng pangunahing makina. Subalit magiging mahirap ang pagpapatakbo kaalinsabay ng *generator* na nakakawing sa pangunahing makina. Kinakailangang isaalang-alang ang ingay na maaring mapunta sa mga gamit panukat at pantawag sapagkat ito ay hindi mapipigilan ng mga *inverter*.

Makabubuting komunsulta sa mga manggagawang may alam sa mga pamamaraang ito upang maging katanggap-tanggap ang resulta.

3) Pamamahala sa bilis ng ikot ng bomba at iba pang kasangkapan gamit ang *inverter*

Ang mga bombang pampalamig na ginagamit sa mga pangunahin at pantulong na makina ng mga pang-malaliman at pang-malayuang bangkang pangisda ay pinatatakbo sa palagiang bilis ng *three phase induction motor*. Sa kabilang banda, datapwa't ang kargang init ng tubig na pampalamig at langis-pampadulas na kailangang palamigin ay nakasalalay sa bigat ng paggamit sa makina at mga kasangkapan, naglalagay pa rin ng mas mataas na kapasidad ng bomba at gumagamit ng pampalamig na sagad ang buga. Ang paggamit ng bombang maaring baguhin ang dami ng ibinubugang pampalamig ay mahusay na pagtitipid ng enerhiya.

